# PAGSILIP SA BUHAY NG TAGASALO: ANG ANAK BILANG TAGAPAGTAGUYOD NG PAMILYA

**CHERRY ANN C. BAUTISTA**
**MICHAELA D. BRAVO**

Di-gradwadong tesis na ipinasa sa kaguruan ng Departamento ng Sikolohiya,
Kolehiyo ng Sining at Agham, Central Luzon State University
Lungsod ng Agham ng Muñoz, Nueva Ecija,
bilang katuparan ng pangangailangan
para sa kursong

**BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA**

**HUNYO 2018**

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang di-gradwadong tesis na may pamagat na **"PAGSILIP SA BUHAY NG TAGASALO: ANG ANAK BILANG TAGAPAGTAGUYOD NG PAMILYA"** inihanda at ipinasa nina **CHERRY ANN C. BAUTISTA** at **MICHAELA D. BRAVO,** bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA,** ay tinanggap at sinang-ayunan.

**WAWIE DG. RUIZ**
Tagapayo

6-11-18
Petsa

**KAREN GRACE DG. ALVAREZ**
Tagasuri

6-11-18
Petsa

**ANGELO R. DULLAS**
Tagapamahala ng Pananaliksik
Departamento ng Sikolohiya

6-11-18
Petsa

Tinanggap at sinang-ayunan bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA.**

**ANGELO R. DULLAS**
Pangulo, Departamento ng Sikolohiya

6-13-18
Petsa

**RICH MILTON R. DULAY, M.Sc.**
Tagapamahala ng Pananaliksik
Kolehiyo ng Sining at Agham

6-13-18
Petsa

**EVARISTO A. ABELLA, Ph.D.**
Dekano, Kolehiyo ng Sining at Agham

6-13-18
Petsa

## ANG MGA MAY AKDA

Si Cherry Ann Dela Cruz Bautista ay ipinanganak noong ika-1 ng Mayo taong 1998 sa lungsod ng San Jose, Nueva Ecija. Siya ay panganay na anak nina G. Gabriel C. Bautista at Gng. Leila C. Bautista. Nag-aral siya ng elementarya sa mababang paaralan ng Calaocan at nakapagtapos noong Marso taong 2010. Naging mag-aaral siya ng sekondarya sa mababang paaralan ng Constancio Padilla na ngayon ay mababang paaralan na ng lungsod ng San Jose at nakapagtapos noong Marso taong 2014.

Pumasok siya ng kolehiyo sa Central Luzon State University at kumuha ng kursong Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya. Mula ikalawa hanggang kanyang ikatlong taon ay naging miyembro siya ng organisasyong *Society for the Advancement of Volunteerism and Excellence* – Nueva Ecija (SAVE-NE). Isa rin siya sa mga tumanggap ng *scholarship* mula CHED – Tulong Dunong Program magmula Akademikong Taon 2014 – 2015 hanggang Akademikong Taon 2017-2018. Natapos niya ang kanyang *200-hour internship* sa Sunrise Hill Therapeutic Community sa New Manila, QC. Apat na semestre siyang naging *Dean's Lister* at unang semestre ng kanyang ikaapat na taon bilang kolehiyo ay isa siya sa mga naparangalan bilang *Academic Scholar*.

Ilan sa mga kanyang nilahukang *seminar/workshop* ay ang *30$^{th}$* at *31$^{st}$ Annual Psychological Association of the Philippines – Junior Affiliates* kung saan ay lumahok siya sa *seminar* na pinamagatang, "*Forensic Psychology: Assessing Psychological Incapacity in Petitions for Nullity of Marriage*", "*Interpretative Phenomenological Analysis: The Basics of Psychological Qualitative Inquiry*" na naganap noong Enero taong 2017 at 2018.

# ANG MGA MAY AKDA

Isinilang si Michaela Dominguez Bravo sa lungsod ng San Jose noong ika-13 ng Hunyo taong 1998. Siya ay supling nina Gng. Ginalyn D. Bravo at G. Marlon V. Bravo. Panganay siya sa tatlong magkakapatid at ang kanyang dalawang nakababatang kapatid ay nagngangalang Maegan at Justine. Nagsimula siyang mag-aral ng elementarya taong 2004 sa paaralan ng Theophilus Academic and School of Values. Sa kanyang pagtatapos noong Abril taong 2010 ay ginawaran siya ng parangal bilang Ikatlong Karangalang Banggit. Nag-aral siya ng sekondarya sa Constancio Padilla National High School na ngayon ay kilala bilang San Jose City National High School. Sa Araw ng Pagkilala noong siya ay nasa ikatlong taon, pinarangalan siya bilang *Best in Technology and Livelihood Education – Information Communication Technology*. Sa kanyang ikaapat na taon, isa siya sa mga estudyanteng lumahok sa naganap na *2nd Regional Integrated Competition* sa kategoryang *2-Minute Movie Trailer/TV Trailer*, kasunod nito ay ang kanyang pagtatapos noong Marso, 2014.

Mapalad siyang nakapasok bilang kolehiyo sa Central Luzon State University at kumuha siya ng kursong Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya. Naging miyembro siya ng organisasyong, *Society for the Advancement of Volunteerism and Excellence* – Nueva Ecija (SAVE – NE), mula noong ikalawa hanggang ikatlong taon niya sa kolehiyo. Natapos niya ang kanyang *200-hour internship* sa Sunrise Hill Therapeutic Community sa New Manila, QC. Isa rin siya sa mga tumanggap ng *scholarship* mula CHED – Tulong Dunong Program magmula Akademikong Taon 2014 – 2015 hanggang Akademikong Taon 2017 – 2018.

Dalawang semestre (unang semestre 2017 – 2018; ikalawang semestre 2017 – 2018) siyang naging *University Scholar* , limang semestre (una at ikalawang semestre 2014 – 2015; una at ikalawang semestre 2015 – 2016; unang semestre 2016 – 2017) bilang *College Scholar* at isang semestre (ikalawang semestre 2016 – 2017) bilang *Dean's Lister*.

Naging bahagi rin siya ng mga kumperensiya at porum tulad ng *30th* at *31st Annual Psychological Association of the Philippines – Junior Affiliates Affiliates*, kung saan isa siya sa mga napili upang lumahok sa *Inter-School Psychology Quiz Competition*, ang dalawang nabanggit na kumperensiya ay naganap sa SMX Convention Center noong Enero taong 2017 at 2018. Lumahok din siya sa ilang mga *workshop* na pinamagatang, "*Forensic Psychology: Assessing Psychological Incapacity in Petitions for Nullity of Marriage*" na naganap sa Colegio de San Juan de Letran noong ika-21 ng Enero taong 2017, "*Interpretative Phenomenological Analysis: The Basics of Psychological Qualitative Inquiry*" na naganap naman sa De La Salle University noong ika-27 ng Enero taong 2018, at sa *seminar* patungkol sa *Forensic Psychiatry* na naganap sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman noong ika-28 ng Mayo taong 2017.

# PASASALAMAT

Hindi maisasakatuparan ang pag-aaral na ito, kung hindi dahil sa mga tulong at suporta sa anumang anyo at paraan na ipinagkaloob ng mga sumusunod na indibidwal na mayroong mahalagang papel sa buhay ng mga mananaliksik.

Lubos ang pasasalamat ng mga mananaliksik sa **Panginoong Diyos** sa Kanyang pagbibigay ng kaalaman at lakas ng loob na naging malaking bahagi upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito. Ang Kanyang presensya at patnubay ay hindi kailanman nawala magmula umpisa maging sa mga panahon kung saan ang mga mananaliksik ay pinanghihinaan ng loob at hanggang ngayong naisakatuparan na ang kanilang pag-aaral. Tunay ngang Siya ang sandigan ng mga mananaliksik sa lahat ng sitwasyon at ang pangunahing dahilan sa bawat tagumpay na kanilang nakakamit.

Gayundin, buong pusong nagpapasalamat ang mga mananaliksik sa mga guro na siyang naging daan upang maayos na maisagawa ang papel na ito. Sa aming tagapayo, sa kanyang walang sawang pagbibigay ng tulong at suporta upang maging posible ang pag-aaral na ito, sa pagbabahagi ng kanyang kaalaman, sa kanyang paggabay, pag-unawa, at pagpapalakas ng aming loob habang isinasagawa namin ang aming tesis. Labis po ang aming pasasalamat sapagkat mahalaga po ang naging papel niyo upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Sa nagsilbing DRC at tagasuri ng tesis ng mga mananaliksik, maraming salamat po sa pagwawasto ng aming kamalian, sa pagpupuno ng aming kakulangan, sa paggabay, at pagbibigay ng mga mungkahi at suhestiyon na nakatulong upang higit na maging malinaw at maayos ang aming pag-aaral.

Ipinababatid din ng mga mananaliksik ang kanilang pasasalamat sa kanilang mga kapatid, kaibigan, at kaklase na nagpakita at nagparamdam ng suporta habang isinasagawa nila ang kanilang pag-aaral. Maraming salamat sapagkat mayroon mang sarili-sariling pinagkakaabalahan ang bawat isa ay hindi niyo nakaligtaang magbigay ng motibasyon, maniwala sa aming kakayahan, at ipaalala na makakaya namin ang lahat.

Taos-puso rin ang pasasalamat ng mga mananaliksik sa kanilang mga magulang na nagsisilbing pangunahing inspirasyon sa anumang bagay na kanilang ginagawa. Marami mang balakid at pagsubok ang aming naranasan sa proseso ng paggawa sa tesis na ito ay nakaya at napagtagumpayan namin ang lahat sapagkat kayo ang siyang nagsilbing aming lakas. Maraming salamat po sa walang maliw na pagbibigay ng suporta sa lahat ng aspeto, sa pag-intindi, sa pananatili sa aming tabi, at sa pagmamahal.

Gayundin, labis na nagpapasalamat ang mga mananaliksik sa mga naging kalahok ng kanilang pag-aaral na itinuturing nila bilang isa sa mga susi upang maging posible ang tesis na ito. Maraming salamat po, sa pagpapaunlak na makapanayam kayo, sa paglalaan ng inyong oras at panahon upang maisakatuparan ang panayam, at higit sa lahat sa inyong pagtitiwala at pagbabahagi ng kwento ng buhay niyo sa mga mananaliksik. Maraming salamat po, sapagkat nag-iwan kayo ng aral at nagsilbing motibasyon ng mga mananaliksik at maging ng ibang tao, tunay ngang kahanga-hanga ang mga katulad niyo.

Muli, sa lahat ng mga taong tumulong, sumuporta, at naniwala, nais iparating ng mga mananaliksik ang kanilang taos-pusong pasasalamat. Hindi po namin mapagtatagumpayan ang lahat ng ito kung hindi dahil sa inyo. Maraming salamat po!

## MGA NILALAMAN


| | PAHINA |
|---|---|
| TALAAN NG MGA TALAHANAYAN | vi |
| TALAAN NG MGA PIGURA | vii |
| TALAAN NG APENDIKS | viii |
| ABSTRAK | ix |
| PANIMULA | 1 |
| Katangian at Tungkulin ng mga Anak sa Pamilya | 3 |
| Ang mga Magulang | 5 |
| *Child-headed household* | 7 |
| Ang Konsepto ng Tagasalo | 9 |
| Kahulugan ng Tagasalo | 9 |
| Batayan at Pinagmulan ng Tagasalo | 10 |
| Kasarian at ang Pagiging Tagasalo | 10 |
| *Birth order* at ang Pagiging Tagasalo | 11 |
| Katangian ng Tagasalo | 15 |
| Kasalukuyang Pag-aaral | 18 |
| Teoretikal na Balangkas | 19 |
| METODO | 22 |
| Disenyo ng Pag-aaral | 22 |
| Mga Kalahok | 22 |
| Pamamaraan ng Pagkuha ng Datos | 23 |
| Pag-aanalisa sa mga Datos | 25 |
| RESULTA | 29 |
| DISKUSYON | 56 |
| PAGTATASA SA KONSEPTWAL NA BALANGKAS | 78 |
| KONKLUSYON | 82 |
| REKOMENDASYON | 85 |
| SANGGUNIAN | 87 |

# TALAAN NG TALAHANAYAN

PAHINA

Talahanayan 1. Kabuuang Klaster ng Tema 94

# TALAAN NG PIGURA

PAHINA

Pigura 1. Buhay ng Anak na Tagasalo 78

# TALAAN NG APENDIKS

PAHINA

A. Indibidwal na Klaster ng Tema 101

# ABSTRAK

**BAUTISTA, CHERRY ANN C., BRAVO, MICHAELA D.,** Departamento ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Sining at Agham, Central Luzon State University, Lungsod Agham ng Muñoz, Nueva Ecija. **HUNYO 2018, PAGSILIP SA BUHAY NG TAGASALO: ANG ANAK BILANG TAGAPAGTAGUYOD NG PAMILYA**

Tagapayo: WAWIE DG. RUIZ

Ang tagasalo ay isang papalagong konsepto sa Sikolohiyang Pilipino na ipinakilala tatlong dekada na ang nakalilipas. Binigyang kahulugan ang nasabing konteksto bilang isang taong nangangalaga o inaasahang tumugon sa pangangailangan ng kanyang pamilya. Layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang buhay ng anak na tagasalo at kung paano nila bigyang kabuluhan ito. Matapos ang masugid na pag-aanalisa ng mga datos, lumabas ang pitong *higher-order themes*: (1) Pansariling pagpapakahulugan hinggil sa pagiging tagasalo; (2) Dahilan ng pagtataguyod at motibasyon sa pagkilos; (3) Katangiang tinataglay mula sa karanasan ng pagtataguyod; (4) Mga ginagampanang gawain; (5) Bagay o pangyayaring nagbibigay hirap; (6) Mga istratehiyang ginagamit bilang paraan ng pagkaya; at (7) Tulong/suportang natatanggap, na siyang sumasalamin sa buhay ng mga anak na tagasalo ng pamilya. Ang bawat kinilalang pagpapakahulugan at rason ay maituturing bilang bahagi ng pagpapahalaga at pagmamahal ng mga kalahok sa kanilang pamilya. Ilan sa mga katangiang nangibabaw ay ang kanilang pagiging matatag, pagkamatiyaga, pagiging responsable, pagkamatulungin at mapagparaya. Malawak ang saklaw ng ginagampanang gawain ng mga kalahok sapagkat kinakitaan sila ng pagtulong sa iba't ibang aspeto maging sa labas ng konteksto ng pamilya. Ang pinansyal na aspeto at kalusugan ng magulang, ang ilan sa mga dilemang kanilang

nararanasan. Napag-alamang malaking bahagi ng pagkaya at pagpapatuloy ng mga kalahok, ang pananampalataya sa Diyos, ang mga taong nagsisilbing kanilang hingahan at ang pagkakaroon nila ng positibong pananaw sa buhay. Gayundin, ang pinansyal at emosyonal na suportang kanilang natatanggap mula sa pamilya, kaibigan at kamag-anak.

*Keywords*: tagasalo, Sikolohiyang Pilipino, tagapagtaguyod, pamilya, buhay

**Sanggunian**

Alampay, L. P. (2014). Parenting in the Philippines. In I. H. (Eds.), Parenting Across Cultures: Childrearing, Motherhood and Fatherhood in Non-Western Cultures (pp. 105-121). The Netherlands: Springer.

Almirol, E.B. (1985). Ethnic identity and social negotiation: A study of Filipino community in California. New York, New York: AMS Press.

Arguillas, M.J.B. & Williams, L. (2010). The impact of parents' overseas employment on educational outcomes of Filipino children. *International Migration Review*, 44 (2), 300-319.

Awino, D. (2010). Life in a child/adolescent headed households: A qualitative study on everyday life experience of children living in child/adolescent headed households in Western Kenya Region. Retrieved from https://www.diva portal.org/smash/get/diva2:379941/FULLTEXT01.pdf

Blair, S.L. (2013). Filipino parental involvement and children's educational performance. *Tambara*,30 (1), 49-72.

Carandang, M.L.A. (1987). Filipino children under stress: Family dynamics and therapy. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Carandang, M.L.A., Sison, B. & Carandang, C. (2007). Nawala ang ilaw ng tahanan: Case studies of families left behind by OFW Pasig City, Philippines: Anvil.

Carillo, K. (2016). Ang konsepto ng pagpaparaya ng anganay na anak. Di-nalathalang tesis masterado, University of the Philippines Diliman Extension Program in Pampanga.

Chao, R. & Tseng, V. (2002). Parenting of Asians. Mahwah, New Jersey: Lawrence Erlbaum Associates Publishers.

Chico, M. L. (2012). Perception of Filipino values protrayed in Pinoy Big Brother. *Online Journal of Communication and Media Technologies*, 312-316. Istanbul: International Conference on Communication, Media, Technology and Design.

Cicirelli, V.G. (1993). Attachment and obligations as daughters' motives for caregiving behavior and subsequent effect on subjective burden. *Psychology of Aging*, 8, 144-155.

De Asis, M.T. (2008). Ang buhay at mundo ng tagasalong Pilipino: Sa perspektiba ng anak na nangangalaga ng matandang magulang. Di-nalathalang tesis masterado, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.

Enrile, A. & Agbayani, P.T. (2007). Differences in attitudes toward women among three groups of Filipinos: Filipinos in the Philippines, Filipino American immigrants, and US born Filipino Americans. *Journal of Ethnic & Cultural Diversity in Social Work*, 16 (1/2), 1-24.

Go, S.B. (1993). The Filipino family in the eighties. Manila, Philippines: Social Development Research Center, De La Salle University.

Go, S.P. (1994). The Filipino youth: Their views and values on marriage and family life. *Kaya Tao, Behavioral Sciences Department Journal*, 13 (1), 1-27.

Go Tian, Rizason L. (2004). A construct validation of the tagasalo personality using the Panukat ng Pagkataong Pilipino. *Philippine Journal of Psychology*, 36 (2), 35-49.

Gfroerer, K.P., Gfroerer, C.A., Curlette, W.L., White, J. & Kem, R.N. (2003). Psychological birth order and the BASIS-A Inventory. *The Journal of Individual Psychology*, 59 (1), 30-41.

Howe, N. & Recchia, H. (2014). Sibling relations and their impact on children's development. In R.E. Tremblay, R.G. Barr, R.De.V. (Eds.), *Encyclopedia on early childhood development* (pp. 1-8). Montreal, Quebec: Centre of Excellence for Early Childhood Development. Retrieved from http://www.child-encyclopedia.com/sites/default/files/textes-experts/en/829/sibling-relations-and-their-impact-on-childrens-development.pdf

Ibebuike, J. E., Van Belkum, C. & Maja, T.M.M. (2014). The lived experiences and needs of child-headed households in Resource Poor Communities in Soshanguve, South Africa. *Journal of Good Governance and Sustainable Development in Africa*, 2 (1), 61-83.

Kalkan, M. (2008). Do psychological birth order predict future time orientation in romantic relationships. *Interpersona*: *An International Journal on Personal Relationships*, 2 (1), 89-101. doi: https://doi.org/10.5964/ijpr.v2i1.19

Kennedy, G. E. (1989). Middleborns' Perceptions of Family Relationships. *Psychological Reports*, 64, 755–760.

Kidwell, J. S. (1981). Number of siblings, sibling spacing, sex, and birth order: Their effects on perceived parent-adolescent relationships. *Journal of Marriage and Family*, 43 (2), 315–332.

Kurebwa, J. & Kurebwa, N.Y.G. (2014). Coping strategies of child-headed households in Bindura Urban of Zimbabwe. *International Journal of Innovative Research and Development*, 3 (11), 236-249.

Lim, C.J.C. (2014). Relasyon ng magkapisang ina at nangangalagang anak na babae. *DIWA E-Journal*, 2 (1), 101-120. Retrieved from http://www.pssp.org.ph/diwa/wp-content/uploads/2014/11/02.5-Artikulo-Lim.pdf

Medina, B. (1991). The Filipino family: A text with selected readings: Quezon City: University of the Philippines Press.

Mthethwa, M.S. (2009). Challenges faced by child-headed families at Mahlabathini in Kwazulu Natal (Master's thesis). Retrieved from http://uzspace.uzulu.ac.za/bitstream/handle/10530/1293/Challenges+faced+by+child+headed+families.+M.S.+Mthethwa.pdf?sequence=1

Myrskylä, M. & Margolis, R. (2012). Happiness: Before and after the kids. Rostock, Germany: Max Planck Institute for Demographic Research. Retrieved from

http://www.demogr.mpg.de/papers/working/wp-2012-013.pdf

Ng, W.L., Mofrad, S. & Uba, I. (2014). Effect of birth order on the differential parental treatment of children. *Asian Social Science*, 10 (14), 132-137. doi: 10.5539/ass.v10n14p132

Ongkiatco, P.A.B., Brutas, A.B., Libres, M.L. (2011). Konsepto ng sariling pagkatao ng panganay na anak ng Overseas Filipino Worker. *Ani*: *Letran Calamba Research Report*, 1 (1), 9-10.

Parreñas, R.S. (2006). Children of global migration: Transnational families and gendered woes. Manila: Ateneo de Manila University Press

Pe-Pua, R. & Protacio-Marcelino, E. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino Psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology*, 49-71.

Pietkiewicz, I. & Smith, J.A. (2012). Praktyczny przewodnik interpretacyjnej analizy fenomenologicznej w badaniach jakosciowych w psychologii. *Czasopismo Psychologiczne*, 18 (2), 361-369.

Ramiro, L. B. (1951). The effects of developmental maturity, birth order, and sex on the personality and self-concept of some Filipino adolescents. Philippines

Resurreccion, R.R. (2013). Ang kabilang mukha ng autismo: Mga pagpapakahulugan ng mga magulang sa karanasan sa pagkakaroon ng anak na may autismo. *MALAY*, 26 (1), 71-82.

Sacristan, A. (n.d). Retrieved November 27, 2015, from http://www.pomsmeetings.org/ConfPapers/052/052-0125.pdf

Salmon, A., Shackelford, K. & Michalski, R. (2012). Birth order, sex of child, and perceptions of parental favoritism. *Personality and Individual Differences*, 52, 357-362. doi: 10.1016/j.paid.2011.10.033

Salmon, C. (2003). Birth order and relationships: Family, friends, and sexual partners. *Human Nature*, 14 (1), 73-88. doi: 10.1007/s12110-003-1017-x

Smith J. A. (2011). Evaluating the contribution of interpretative phenomenological analysis. *Health Psychology Review*, 5 (1), 9-27.

Smith, J. A. & Osborn, M. (2008). Interpretative phenomenological analysis. In J. Smith (Ed.), *Qualitative psychology: A practical guide to research methods* (pp. 53-80). London: Sage.

Stoodley, B. (1957). Some Aspects of Tagalog Family Structure. *American Antrhopologist*, 236-249.

Suitor, J. & Pillemer, K. (2007). Mothers' favoritism in later life: The role of children's birth order. *Research on Aging*. 29 (1), 32-55, doi: 10. 1177/ 0164027506291750

Tarroja, M.C.H. (2010). Revisiting the definition and concept of Filipino family: A psychological perspective. *Philippine Journal of Psychology*, 43 (2), 177-193.

Udarbe, M.H. (2001). The tagasalo personality. *Philippine Journal of Psychology*, 34 (2), 45-65.

Ward, L. M., & Eyber, C. (2009). Resiliency of children in child-headed households in Rwanda: Implications for community based psychosocial intervention. *The International Journal of Mental Health, Psychosocial Work and Counselling in Areas of Armed Conflict*, 7 (1), 17-33.

Yacat, J. (2013). Tungo sa isang mas mapagbuong Sikolohiya: Hamon sa makabagong Sikolohiyang Pilipino. *Daluyan*: *Journal sa Wikang Filipino*, 19, 5-32.